**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | doi 10.69651/2022PIJHSS**

# Knowledge in collaborative writing and proficiency in the composition of written works among Grade 11 students

**Jayson I. Barrientos**
Filamer Christian University
Roxas City, Capiz, Philippines
Email: jayson.barrientos001@deped.gov.ph

ABSTRACT

This study employed a descriptive-correlational research design to determine the relationship between the level of knowledge in collaborative writing and the proficiency in composition among Grade 11 students of Solido National High School, Solido, Nabas, Aklan, during the School Year 2024–2025. The participants consisted of seventy (70) students from the General Academic Strand (GAS) and Technical-Vocational-Livelihood (TVL) strands, selected through purposive sampling. To measure the level of knowledge in collaborative writing, a forty-item (40) test was constructed based on four major aspects of collaborative writing. Meanwhile, to assess students' writing proficiency, a rubric adapted from the "Score Sheet for Collaborative Desktop Publishing" as indicated in DepEd Memorandum No. 025, s. 2024, was utilized. The rubric was further enhanced to include six evaluative criteria: (1) Content, (2) Technical Aspects, (3) Writing Ethics, (4) Collaboration, (5) Creativity, and (6) Effective Delivery of Message, with a total score of thirty (30) points. Both instruments were researcher-made and developed to gather sufficient and contextually relevant data aligned with the study's objectives. The independent variable was the students' knowledge in collaborative writing, while the dependent variable was their proficiency in written composition. To ensure the integrity and confidentiality of the data, the research adhered to established ethical guidelines for conducting studies involving human participants. Data analysis was performed using computer-processed statistics, wherein the mean (M) and standard deviation (SD) were applied for descriptive analysis, while Pearson's Product-Moment Correlation Coefficient (Pearson r) was employed to determine the relationship between the two variables, with the level of significance set at 0.05. Findings revealed that the students demonstrated a high level of knowledge in collaborative writing, and their proficiency in composition was likewise rated as high. Furthermore, the results indicated a significant positive correlation between the two variables, suggesting that students with higher levels of knowledge in collaborative writing also exhibited greater proficiency in developing written outputs. This implies that an enhanced understanding of collaborative writing strategies substantially contributes to improving students' writing competence, reinforcing the pedagogical

DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0403487

Recommended citation:
Barrientos, J. I. (2025). Knowledge in collaborative writing and proficiency in the composition of written works among Grade 11 students. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 5250-5262. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0403487

value of collaborative learning as a mechanism for fostering effective communication and writing excellence among senior high school learners.

Keywords: collaborative writing, writing proficiency, senior high school students

Date Submitted: July 30, 2025
Date Accepted: September 2, 2025
Date Published: October 1, 2025

**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | doi 10.69651/2022PIJHSS**

# Kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat at kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin ng mga mag-aaral sa Grado 11

**Jayson I. Barrientos**
Filamer Christian University
Roxas City, Capiz, Philippines
Email: jayson.barrientos001@deped.gov.ph

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong korelasyonal na disenyo ng pananaliksik upang matukoy ang ugnayan sa pagitan ng antas ng kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat at ng kahusayan sa pagbuo ng sulatin ng mga mag-aaral sa Grado 11 ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Solido, Solido, Nabas, Aklan para sa Taong Panuruan 2024–2025. Binubuo ang mga kalahok ng pitumpung (70) mag-aaral mula sa General Academic Strand (GAS) at Technical-Vocational-Livelihood (TVL) strands, na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Upang masukat ang antas ng kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat, ginamit ang isang pagsusulit na may apatnapung (40) aytem na binuo batay sa apat na pangunahing aspeto ng kolaboratibong pagsusulat. Samantala, upang masukat ang kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat, ginamit ang isang rubrik na inangkop mula sa "Score Sheet for Collaborative Desktop Publishing" na nakasaad sa DepEd Memorandum No. 025, s. 2024. Ang rubrik na ito ay pinahusay pa upang maisama ang anim na pamantayang ebalwatibo: (1) Nilalaman, (2) Teknikal na Aspekto, (3) Etika sa Pagsusulat, (4) Kolaborasyon, (5) Pagkamalikhain, at (6) Epektibong Paghahatid ng Mensahe, na may kabuuang tatlumpung (30) puntos. Ang parehong mga instrumento ay binuo ng mananaliksik upang makalap ang sapat at kontekstwal na datos na naaayon sa mga layunin ng pag-aaral. Itinakda ang kaalaman ng mga mag-aaral sa kolaboratibong pagsusulat bilang malayang baryabol, samantalang ang kanilang kahusayan sa pagbuo ng sulatin ay itinuring na di-malayang baryabol. Upang matiyak ang integridad at pagiging kompidensyal ng mga datos, sinunod ng pag-aaral ang mga itinatag na alituntunin sa etikal na pananaliksik na may kinalaman sa mga kalahok na tao. Ang pagsusuri ng datos ay isinagawa gamit ang mga estadistikang pinroseso sa kompyuter, kung saan ginamit ang mean (M) at standard deviation (SD) para sa deskriptibong pagsusuri, habang ginamit naman ang Pearson's Product-Moment Correlation Coefficient (Pearson r) upang matukoy ang ugnayan ng dalawang baryabol, na may antas ng kabuluhan na itinakda sa 0.05. Ipinakita ng mga resulta na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat, at ang kanilang kahusayan sa pagsulat ay nasa mataas ding antas. Higit pa rito, natuklasan na may makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na may mas mataas na antas ng kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat ay nagpapamalas din ng higit na kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin. Ipinahihiwatig nito na ang mas malalim na pag-unawa sa mga estratehiya ng kolaboratibong pagsusulat ay lubos na nakatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, at pinatitibay ang pedagogikal na halaga ng kolaboratibong pagkatuto bilang isang mekanismo sa pagpapaunlad ng epektibong komunikasyon at kahusayan sa pagsusulat sa antas ng senior high school.

Mga susing salita: kolaboratibong pagsusulat, kahusayan sa pagsulat, mga mag-aaral sa senior high school

## PANIMULA

Sa mabilis na pagbabago ng sistema ng edukasyon sa kasalukuyang panahon, kinikilala bilang batayan ng akademikong pag-unlad ang mataas na antas ng kasanayan sa pagsusulat. Sa yugto ng ika-21 siglo, higit na kinikilala ang teknolohiya at kolaborasyon bilang isang pangangailangan. Mahalagang linangin ng bawat mag-aaral ang kakayahang makipagtulungan lalo na sa larangan ng pagbuo ng isang sulatin dahil ito'y kinikilalang mahalagang aspeto ng kasanayan sa modernong mundo. Ang kolaboratibong pagsusulat, na nangangahulugang pagsasama-sama ng iba't ibang mga ideya, pagbabahagian ng mga responsibilidad at pagkakaroon ng kaalaman na makalikha ng isang mahusay na teksto ay nagiging mabisang susi sa pagbubukas ng higit na mas malalim na karunungan sa proseso ng pagsulat. Marami ng mga pag-aaral ang nagpatunay na ang kolaboratibong pagsusulat ay isa sa mga makabuluhan at malaking impluwensya na humubog sa kritikal na pag-iisip at sa paglinang ng maayos na organisasyon sa pagbuo ng teksto.

Sa usaping pang-edukasyon ng Pilipinas, ang K to 12 na kurikulum ay nagiging tulay sa pagpapa-igting ng kolaboratibong pagkatuto bilang mahalagang estratehiya sa pagtamo ng akademikong tagumpay. Kaya naman, inaasahang makabubuo ng mga makabuluhang sulatin na kakitaan ng mataas na antas ng kritikal na pag-iisip, lohikal at etikal na estruktura at mahusay na paglalahad ng mga impormasyon at ideya ang mga mag-aaral sa senior high school, sa ilalim ng asignaturang Filipino partikular sa mga kursong nagpapahalaga sa teknikal, akademik at malikhaing pagsulat.

Gayunpaman, sa konteksto ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Solido, napansin na may ilang mga hamon pa rin sa pagsasakatuparan ng kolaboratibong pagsusulat. Napuna na hindi pa ganap ang pagkaunawa ng ilang mga mag-aaral sa mga prinsipyo, proseso, estratehiya at hakbang sa pagbuo ng sulatin, lalo na sa aspeto ng pagsusuri at pagsasaayos nito. Kalakip ng hamong ito, marapat na bigyan ng nararapat na atensyon hindi lamang ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa kolaboratibong pagsusulat kundi pati na rin ang antas ng kahusayan nila sa pagbuo ng mga sulatin. Ang kahusayan sa pagbuo ng sulatin ay naglalarawan sa lebel ng kasanayan ng mag-aaral sa paggamit ng wastong gramatika, estruktura, organisasyon ng nilalaman, etika at estilo ng pagpapahayag na kumokunekta sa layunin at naisaalang-alang ang mambabasa ng teksto. Sa madaling sabi, sumasalamin ito hindi lamang sa kanilang konseptwal na kaalaman kundi sa kakayahang magamit ito nang epektibo sa aktwal na konteksto ng pagsusulat.

Isa sa mga pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay tuklasin ang ugnayan sa pagitan ng kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat at kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin ng mga mag-aaral sa Grado 11 ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Solido. Ninanais nitong malaman ang tuwirang epekto ng antas ng kaalamang konseptuwal at praktikal sa kolaboratibong pagsusulat ng mga mag-aaral sa kalidad ng kanilang nabuong akademikong sulatin. Dahil sa pagsusuri ng ugnayang ito, hangad ng pananaliksik na makapagpresenta ng mga empirikal na batayan para sa

mga akmang interbensyong pedagohikal na maaaring ipatupad ng mga guro, administrador, tagapagsulong ng kurikulum, maging ng magulang at ng mismong mag-aaral.

Ang teoretikal na balangkas ng pag-aaral ay nag-ugat sa Teorya ng Social Constructivism ni Lev Vygotsky (1978), na may prinsipyong, ang pagkatuto ay mas epektibong nahuhubog sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon at interaksyon ng mga indibidwal sa loob ng isang partikular ng grupo ng tao o sa sosyal na konteksto. Sa larangan ng pagsusulat, ang kolaboratibong interaksyon ay nagsisilbing espasyo ng ideyasyon at midyum ng kognitibong pag-unlad na kung saan ang bawat kalahok ay nagiging aktibong tagapagproseso ng ideya na lumilinang sa katagumpayan ng kolektibong awtput.

Ginamit sa pananaliksik na ito ang Modelong Input-Process-Output (IPO) bilang isang metodolohikal na gabay. Ang input ay kinakatawan ng antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa kolaboratibong pagsusulat, na dumaan sa proseso ng interaktibong aplikasyon sa aktwal na pagbuo ng mga sulatin, at sinukat sa awtput, na siyang kalidad ng kanilang isinagawang teksto. Ang malayang baryabol ay ang kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat, habang ang di-malayang baryabol naman ay ang kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin ng mga mag-aaral sa Grado 11 ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Solido.

Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang antas ng Kaalaman sa Kolaboratibong Pagsusulat at antas ng Kahusayan sa Pagbuo ng mga Sulatin ng mga Mag-aaral sa Grado 11 ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Solido, Taong Panuruan 2024-2025.

Layunin ng pag-aaral na sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng Kaalaman sa Kolaboratibong Pagsusulat ng mga mag-aaral sa grado 11?
2. Ano ang antas ng kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin ng mga mag-aaral sa grado 11?
3. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kaalaman sa kolaboratibong pagsulat at kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin ng mga mag-aaral sa grado 11?

## METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tuklasin ang ugnayan sa pagitan ng antas ng kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat at ng kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin ng mga mag-aaral sa Grado 11 ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Solido para sa Taong Panuruan 2024–2025. Nilalayon nitong maunawaan kung paanong ang aktibong partisipasyon sa proseso ng kolaboratibong pagsusulat ay nakaaapekto sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Upang maisakatuparan ito, ginamit ng mananaliksik ang deskriptibong korelasyonal na disenyo ng pananaliksik na ayon kina Creswell (2012) at Neuman (2014), ay angkop na gamitin upang matukoy ang ugnayan ng mga baryabol sa pamamagitan ng masusing pagsusuri ng mga nakalap na datos nang hindi binabago ang likas na katangian ng mga ito. Sa ganitong disenyo, itinuring ang kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat bilang malayang baryabol at ang kahusayan sa pagbuo ng sulatin bilang di-malayang baryabol. Ang antas ng ugnayan ng dalawang baryabol

ay sinuri sa pamamagitan ng Pearson Correlation Coefficient na may antas ng kabuluhan na itinakda sa 0.05.

Isinagawa ang pag-aaral sa Mataas na Paaralang Nasyonal ng Solido, kung saan ang mga kalahok ay mga mag-aaral ng Grado 11 mula sa tatlong seksyon: Seksyon Osmeña ng General Academic Strand (GAS) at mga Seksyon Magsaysay at Quirino ng Technical-Vocational-Livelihood (TVL) strand. Mula sa kabuuang populasyon na walumpu't lima (85) na mag-aaral, itinakda ang bilang ng mga kalahok sa pitumpu (70) sa tulong ng Raosoft Sample Size Calculator na may 95% confidence level at 5% margin of error. Gumamit ang mananaliksik ng stratified random sampling upang matiyak ang patas na representasyon mula sa bawat seksyon. Ang datos na nakalap hinggil sa demograpikong katangian ng mga kalahok ay nagpakita na karamihan sa kanila (74%) ay mula sa TVL strand samantalang 26% ay mula sa GAS. Sa aspektong kasarian, halos pantay ang bilang ng kababaihan (51%) at kalalakihan (49%). Karamihan sa mga kalahok ay nasa edad na 16 hanggang 17 taong gulang, na itinuturing na angkop para sa antas ng Grado 11.

Ipinakita rin ng mga datos na karamihan sa mga magulang ng mga kalahok ay nakapagtapos ng hayskul, na may 64.29% sa panig ng mga ina at 51.43% sa panig ng mga ama. Kaunti lamang ang mga nakapagtapos ng kolehiyo, habang ilan ay hindi nakatapos ng pormal na edukasyon. Sa hanapbuhay, karamihan sa mga ina ay maybahay (67.14%), at ilan ay nagtatrabaho bilang OFW, kasambahay, o opisyal ng barangay. Samantala, karamihan sa mga ama ay nagtatrabaho sa sektor ng konstruksyon (18.57%), bilang drayber (17.14%), o manggagawa (17.14%). Ang mga impormasyong ito ay nagpapahiwatig ng isang tipikal na pamilyang Pilipino na kabilang sa uring manggagawa o blue-collar sector, na maaaring makaapekto sa antas ng akademikong suporta ng mga magulang sa kanilang mga anak.

Ang mga ginamit na instrumento sa pananaliksik ay binuo mismo ng mananaliksik upang makalikom ng sapat at angkop na datos na tumutugon sa mga layunin ng pag-aaral. Binubuo ito ng tatlong pangunahing bahagi: ang profayl ng mga kalahok, ang pagsusulit sa kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat, at ang rubrik sa pagsusuri ng kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin. Ang unang bahagi ay naglalaman ng personal na impormasyon ng mga kalahok kabilang ang kanilang strand, seksyon, kasarian, edad, at datos tungkol sa antas ng edukasyong natamo at kasalukuyang hanapbuhay ng kanilang mga magulang. Ang pagsusulit sa kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat ay binubuo ng apatnapung (40) aytem na sumasaklaw sa mga prinsipyo, proseso, estratehiya, at hakbang sa pagsasaayos ng sulatin. Sinuri ang mga aytem sa pamamagitan ng item analysis upang matiyak ang pagiging angkop ng bawat tanong, kung saan pinanatili lamang ang mga aytem na may index difficulty sa pagitan ng 0.20–0.80, alinsunod sa pagsusuri ng isang estadistiko.

Samantala, ginamit ang rubrik sa pagsusuri ng kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin na hinango mula sa Score Sheet for Collaborative Desktop Publishing ng DepEd Memo No. 025, s. 2024, na pinalawak upang isama ang anim na pamantayan: nilalaman, teknikal na aspekto, etika sa pagsusulat, kolaborasyon, pagkamalikhain, at epektibong paghahatid ng mensahe. May kabuuang tatlumpung (30) puntos ang rubrik, at sinuri ang mga nabuong sulatin ng mga kalahok sa tulong ng tatlong eksperto na pawang mga guro ng asignaturang Filipino sa nasabing paaralan. Ang kanilang mga pagsusuri ay naging batayan ng pinal na marka ng bawat sulatin.

Bago isinagawa ang aktwal na pangangalap ng datos, humingi ang mananaliksik ng opisyal na pahintulot mula sa punongguro ng paaralan sa pamamagitan ng pormal na liham na

nilagdaan ng tagapayo at dekano ng Filamer Christian University. Tiniyak din ang pagsunod sa mga etikal na pamantayan sa pamamagitan ng paghingi ng informed consent mula sa mga kalahok at pahintulot ng kanilang mga magulang. Ang mga instrumento ay ipinasagot sa loob ng klase sa ilalim ng mahigpit na pangangasiwa ng mananaliksik at tagapayo. Ipinaliwanag nang malinaw sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral at ang wastong paraan ng pagsagot. Kaagad na kinolekta ang mga sagutang papel upang mapanatili ang integridad ng datos at masiguro ang pagiging kumpidensiyal ng personal na impormasyon alinsunod sa Data Privacy Act.

Sa yugto ng aktwal na pagsulat, nagsagawa ang mga mag-aaral ng collaborative desktop publishing na aktibidad kung saan sila ay hinati sa sampung pangkat na may tigpipitong miyembro. Ang bawat miyembro ay may itinakdang tungkulin sa paggawa ng mga sulatin gaya ng balita, editoryal, lathalain, o pampalakasan. Ang mga grupo ay binigyan ng fact sheets bilang gabay at gumamit ng mga aplikasyon tulad ng InDesign at Canva sa paggawa ng newsletter layout. Ang gawaing ito ay tumagal ng apat na oras at nagsilbing praktikal na aplikasyon ng kolaboratibong pagsusulat sa konteksto ng aktwal na pagbuo ng sulatin.

Ang nakalap na datos ay inencode gamit ang Microsoft Excel para sa paunang pagsusuri at isinailalim sa masusing estadistikang pagsusuri gamit ang SPSS software. Ginamit ang weighted mean at standard deviation upang matukoy ang antas ng kaalaman at kahusayan ng mga kalahok, samantalang ang Pearson Product-Moment Correlation Coefficient ay ginamit upang masukat ang antas ng ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Itinakda ang antas ng kabuluhan sa p-value na $\leq 0.05$ upang matiyak ang estadistikang kahalagahan ng mga natuklasan. Sa kabuuan, siniguro ng mananaliksik na ang bawat hakbang mula sa pangangalap hanggang sa pagsusuri ng datos ay isinagawa nang may integridad, katumpakan, at paggalang sa mga etikal na pamantayan ng pananaliksik.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

### Palarawang pagsusuri ng mga datos

Ang pag-aaral na ito ay nilahukan ng pitumpung (70) mag-aaral sa Grado 11 ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Solido, na binubuo ng mga mag-aaral mula sa General Academic Strand (GAS) at Technical-Vocational-Livelihood (TVL) strands. Ang mga kalahok ay pinili sa pamamagitan ng stratified random sampling upang matiyak ang patas na representasyon ng bawat seksyon, tulad ng inilahad sa metodolohiya. Ginamit sa pag-aaral ang dalawang pangunahing instrumento: ang Pagsusulit sa Kaalaman sa Kolaboratibong Pagsusulat, na may apatnapung (40) aytem, at ang Rubrik sa Pagsusuri ng Kahusayan sa Pagbuo ng mga Sulatin, na may kabuuang tatlumpung (30) puntos. Isinagawa ang pagsusulit sa isang maayos at komportableng pisikal na kapaligiran, na may sapat na oras at tahimik na silid-aralan, upang matiyak ang pagiging alerto at ginhawa ng mga mag-aaral. Bukod dito, ang mga kalahok ay kamakailan lamang lumahok sa District at Division Schools Press Conference, na nagbigay ng karagdagang praktikal na karanasan sa larangan ng kolaboratibong pagsusulat. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang mean, standard deviation, at Pearson Product-Moment Correlation Coefficient (r) upang matukoy ang ugnayan ng dalawang baryabol sa antas ng kabuluhan na 0.05.

Kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat ng mga mag-aaral

Ipinakita ng resulta na ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa kolaboratibong pagsusulat ay nasa "mataas" na antas na may pangkalahatang mean na 30.73 at standard deviation na 8.33. Batay sa iskala, ito ay pasok sa hanay na 24.01–32.00, na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay may matatag na kaalaman hinggil sa mga prinsipyo, proseso, estratehiya, at hakbang sa kolaboratibong pagsusulat. Ipinahihiwatig ng resultang ito na taglay ng mga kalahok ang sapat na batayang kaalaman upang makibahagi sa mga gawaing nangangailangan ng kooperasyon at kolektibong pagpapasya. Batid ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagbabahaginan ng ideya, bukas na komunikasyon, at pantay na paggalang sa mga kasapi ng pangkat—mga salik na esensyal sa matagumpay na kolaborasyon.

Ang mataas na antas ng kaalaman ay nagpapakita rin ng kanilang pagkaunawa sa mga proseso ng pagpaplano, pagbuo ng burador, pagrerebisa, at pag-edit ng sulatin. Batid ng mga mag-aaral na ang bawat yugto ng kolaboratibong pagsusulat ay nangangailangan ng malinaw na koordinasyon at organisasyon ng mga tungkulin. Ang paggamit ng mga estratehiya tulad ng role assignment at peer review ay nagpatunay ng kanilang kakayahang magtalaga ng responsibilidad at magsagawa ng sistematikong pagsusuri sa gawa ng kapwa. Ipinapakita rin ng resulta na ang mga mag-aaral ay may kamalayan sa mga prinsipyo ng sama-samang paggawa at kolektibong pananagutan sa pagbuo ng dekalidad na sulatin.

Ang kinalabasan ng pagsusulit ay maituturing na bunga ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampaaralan na may kaugnayan sa kolaboratibong pagsusulat, tulad ng mga patimpalak sa campus journalism. Ang ganitong karanasan ay nagpatibay sa kanilang praktikal na pag-unawa at kasanayan sa aktwal na aplikasyon ng kolaboratibong proseso sa pagsulat. Dagdag pa rito, ang kaaya-ayang kondisyon ng pagsusulit—tahimik, maaliwalas, at isinagawa pagkatapos ng recess—ay nakatulong sa maayos na pagganap ng mga kalahok. Ang mga resultang ito ay kaayon ng pag-aaral nina Alvarez, Fajardo, at Ramirez (2020), na nagpapatunay na ang mataas na eksposyur ng mga mag-aaral sa mga gawaing kolaboratibo ay may positibong epekto sa kanilang kasanayan sa pagsulat.

Kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin ng mga mag-aaral

Lumabas sa resulta na ang antas ng kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin ng mga mag-aaral sa Grado 11 ay nasa "mataas" na antas, na may mean na 19.40 at standard deviation na 4.15. Batay sa ginamit na iskala, ito ay pasok sa hanay na 18.01–24.00, na nangangahulugang mahusay ang mga mag-aaral sa praktikal na aplikasyon ng mga prinsipyong kolaboratibo sa aktwal na pagsusulat. Ang resulta ay nagpapahiwatig na malinaw na naipamalas ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa sa mga prinsipyo ng sama-samang paggawa, bukas na komunikasyon, at pantay na respeto—mga batayang elemento ng kolaboratibong pagsusulat.

Sa pagsusuri ng mga nabuong sulatin, natuklasan na malinaw ang tema at layunin ng bawat akda, bagama't may ilang kakulangan sa pagkilala sa pinaghugutan ng kaisipan na maaaring maiugnay sa yugto ng pag-edit at proofreading. Sa teknikal na aspekto, kapansin-pansin ang organisadong daloy ng ideya at maayos na estruktura ng mga pangungusap, sa kabila ng ilang menor na kamalian sa gramatika. Sa etikal na aspekto, naipakita ng mga mag-aaral ang

Volume 4, Issue 4
ISSN 3028-0877 | doi 10.69651/2022PIJHSS

mataas na antas ng integridad sa kanilang mga akda, tulad ng wastong paggamit ng sanggunian at paggalang sa intelektwal na pag-aari ng iba.

Mahalaga ring banggitin na ang pisikal na kapaligiran ng pagsusulat—tahimik, maaliwalas, at may sapat na oras—ay nagkaroon ng malaking ambag sa kalidad ng mga isinagawang sulatin. Ang kanilang karanasan sa mga gawaing pampahayagan at kompetisyon sa larangan ng campus journalism ay lalong nagpatibay sa kanilang praktikal na kasanayan sa kolaboratibong pagsusulat. Bagaman may ilang bahagi ng sulatin na nangangailangan pa ng masusing pagrebisa, ang kabuuang epektibong paghahatid ng mensahe ay nananatiling mataas. Ang mga natuklasang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Villanueva at Santos (2019), na nagsabing may direktang epekto sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsusulat ang aktibong partisipasyon sa mga kolaboratibong gawain. Pinatotohanan din ito nina Ramirez at Cruz (2022), na nagpakita na ang kaaya-ayang pisikal na kapaligiran at sapat na oras sa pagsusulat ay nakapagpapahusay sa kalidad ng mga akademikong awtput.

Inferensyal na pagsusuri ng mga datos

Ipinakita ng inferensyal na pagsusuri na may makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat at kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin ng mga mag-aaral. Batay sa resulta ng Pearson Product-Moment Correlation Coefficient, nakuha ang $r = 0.620$ at Sig = 0.000, na makabuluhan sa antas na $p < 0.05$. Ipinahihiwatig ng resultang ito na habang tumataas ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa kolaboratibong pagsusulat, tumataas din ang antas ng kanilang kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin. Dahil dito, ang ipotesis na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay mariing iwinaksi.

Ang positibong ugnayan na ito ay umaayon sa teoryang Social Constructivism ni Lev Vygotsky (1978), na nagsasaad na ang pagkatuto ay higit na napauunlad sa pamamagitan ng interaksyon at aktibong pakikilahok sa isang sosyal na konteksto. Ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat ay nagiging mas produktibo sa mga gawaing nangangailangan ng sama-samang pag-iisip, pagbabahaginan ng ideya, at kolektibong pagrebisa ng sulatin. Ang resultang ito ay sinusuportahan din ng meta-analysis nina Graham et al. (2017), na nagpapatunay na ang kolaboratibong pagsusulat ay nakapagpapataas ng kalidad ng mga sulatin sa pamamagitan ng aktibong feedback at kooperasyon. Gayundin, ayon kina Barkley et al. (2014), ang kolaboratibong pagkatuto ay nakatutulong sa paglinang ng kasanayan sa kritikal na pag-iisip at problem solving na mahalaga sa proseso ng pagsulat.

Sa kabuuan, napatunayan sa pag-aaral na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat ay may mas mataas na antas ng kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang kolaboratibong proseso ay epektibong mekanismo sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsusulat at paglinang ng produktibong interaksyon sa loob ng akademikong konteksto.

KONGKLUSYON

Ang pananaliksik na ito, na ginamitan ng deskriptibong korelasyonal na disenyo, ay isinagawa upang sistematikong masuri at matuklasan ang antas ng kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat at ang kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin ng mga mag-aaral sa Grado 11 ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Solido, Barangay Solido, Nabas, Aklan para sa Taong Panuruan 2024–2025. Nilahukan ito ng pitumpung (70) mag-aaral mula sa tatlong seksyon ng dalawang strand—General Academic Strand (GAS) at Technical-Vocational-Livelihood (TVL)—na pinili sa pamamagitan ng stratified random sampling upang matiyak ang balanseng representasyon ng bawat seksyon. Gumamit ng dalawang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos: ang Pagsusulit sa Kaalaman sa Kolaboratibong Pagsusulat na may apatnapung (40) aytem, at ang Rubrik para sa Kahusayan sa Pagbuo ng Sulatin na may kabuuang tatlumpung (30) puntos. Ang mga ito ay sumailalim sa content at face validity sa tulong ng tatlong eksperto sa larangan ng edukasyon at Filipino, at ipinilot sa tatlumpung (30) mag-aaral upang matiyak ang pagiging maaasahan at angkop ng mga ito.

Ipinakita ng resulta ng pag-aaral na ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa kolaboratibong pagsusulat ay nasa "mataas" na antas na may pangkalahatang mean na 30.73 at standard deviation na 8.33. Ipinahihiwatig nito na taglay ng mga mag-aaral ang matatag na kaalaman sa mga prinsipyo, proseso, at estratehiya ng kolaboratibong pagsusulat. Ang mataas na antas na ito ay nagpapakita ng kanilang kahandaan na makilahok sa mga gawaing pang-akademiko na nangangailangan ng sama-samang paggawa, bukas na komunikasyon, at pagbabahaginan ng ideya. Ang ganitong resulta ay bunga ng teoretikal na kaalaman at aktwal na pagsasanay na pinatatag ng mga umiiral na programang pampaaralan tulad ng District at Division Schools Press Conference at mga aktibidad sa pampahayagang pangkampus. Ipinapahiwatig nito ang mabisang implementasyon ng mga estratehiya sa pagtuturo ng kolaboratibong pagsusulat, gayundin ang paglinang ng mga mag-aaral sa mataas na antas ng kasanayan sa pakikilahok at kooperasyon.

Natuklasan din na ang antas ng kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin ng mga mag-aaral ay nasa "mataas" na antas na may mean na 19.40 at standard deviation na 4.15. Ipinapakita ng resultang ito na ang mga mag-aaral ay mahusay sa pagsasalin ng kanilang kaalaman sa aktwal na paggawa ng sulatin, na makikita sa kanilang kakayahang magplano, mag-organisa, at magsagawa ng sistematikong pagsusulat sa loob ng kolaboratibong konteksto. Ang mga nabuong sulatin ay nagpakita ng malinaw na tema, lohikal na daloy ng ideya, at mataas na antas ng etikal na pamantayan sa pagsusulat. Bagama't may ilang kakulangan sa teknikal na aspeto gaya ng menor na kamalian sa gramatika, nanatiling mataas ang antas ng kanilang pagganap dahil sa maayos na kolaborasyon at pagbabahaginan ng tungkulin sa loob ng pangkat. Ang mga natuklasang ito ay umaayon sa mga pag-aaral nina Villanueva at Santos (2019) at nina Ramirez at Cruz (2022), na parehong nagpatunay na ang aktibong pakikilahok sa mga kolaboratibong gawain at ang kaaya-ayang kapaligiran sa pagsusulat ay nakapagpapataas ng kalidad ng mga sulatin.

Sa inferensyal na pagsusuri ng datos, napatunayang may makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng kaalaman sa kolaboratibong pagsusulat at kahusayan sa pagbuo ng mga sulatin ng mga mag-aaral ($r = 0.620$, Sig = 0.000, $p < 0.05$). Ipinahihiwatig nito na habang tumataas ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa kolaboratibong pagsusulat, tumataas din ang kanilang antas ng kahusayan sa pagsulat. Ang ugnayang ito ay nagpapakita na ang malalim na pagkaunawa sa mga prinsipyo, proseso, at estratehiya ng kolaboratibong pagsusulat ay nagbubunga ng mas sistematiko, organisado, at masining na produksyon ng teksto. Sa teoretikal

na pananaw, pinatibay ng pag-aaral na ito ang teoryang Social Constructivism ni Vygotsky (1978), na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng interaksyon, aktibong pakikilahok, at pagbabahaginan ng kaalaman bilang pundasyon ng pagkatuto.

Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay nagpapatunay na ang kolaboratibong pagsusulat ay isang epektibong estratehiya sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsusulat. Ang mataas na antas ng kaalaman at kahusayan ng mga mag-aaral ay patunay ng matagumpay na pagpapatupad ng mga programang pampaaralan na nakatuon sa kolaboratibong pagkatuto. Gayunpaman, ipinahihiwatig din ng mga resulta na ang antas ng edukasyong natamo ng mga magulang—na karamihan ay nagtapos lamang ng hayskul—at ang kalagayang sosyo-ekonomiko, na dominado ng mga trabahong blue-collar, ay hindi naging hadlang sa tagumpay ng mga mag-aaral. Sa halip, ang mga ito ay nagpapakita ng potensyal ng sistematikong edukasyon sa pampublikong paaralan sa paghubog ng mga mag-aaral na may mataas na antas ng kasanayan at dedikasyon.

Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda na lalo pang palawakin at patatagin ang implementasyon ng kolaboratibong pagsusulat bilang isang pangunahing estratehiya sa pagtuturo. Para sa mga mag-aaral, mahalagang gamitin ang kolaboratibong pagsusulat bilang saligan sa aktibong pagsasanay sa pagsulat, tulad ng peer mentoring at writing circles upang mapalalim ang kasanayan sa peer review at pagbibigay ng puna. Para sa mga guro, mahalagang magkaroon ng tuluy-tuloy na pagsasanay sa mga makabago at kontekstwal na metodolohiya ng pagtuturo ng kolaboratibong pagsusulat at isama ito sa lahat ng asignatura upang maipakita ang kabuluhan nito sa iba’t ibang larangan ng pagkatuto. Dapat ding magdisenyo ng mga instruksyunal na programang may malinaw na alokasyon ng tungkulin, rubrik sa pagtataya, at sistematikong proseso ng pagsusulat upang mapanatili ang kalidad at organisasyon ng mga sulatin.

Para naman sa administrador ng paaralan, inirerekomenda ang institusyonalisasyon ng mga programang tulad ng writing camps, collaborative writing contests, at inter-grade writing workshops bilang bahagi ng school improvement plan. Dapat ding tiyakin ang paglalaan ng sapat na oras at pagsasanay para sa mga guro upang maisakatuparan ang ganitong uri ng pedagohiya. Para sa mga magulang, mahalagang palakasin ang ugnayan ng tahanan at paaralan sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga programang pampagsusulat ng mga mag-aaral at pagbibigay ng moral na suporta sa kanilang mga gawaing akademiko.

Para sa mga susunod na mananaliksik, iminumungkahi ang pagbuo ng mas malawak na pag-aaral na sumasaklaw hindi lamang sa konseptwal na kaalaman kundi pati na rin sa aktwal na aplikasyon, kalidad ng awtput, at epekto ng kolaboratibong pagsusulat sa iba’t ibang dimensyon ng pagkatuto gaya ng kritikal na pag-iisip, pagkamalikhain, at interpersonal na kasanayan. Maaari ring magsagawa ng komparatibong pag-aaral sa iba’t ibang strand at konteksto upang matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa implementasyon ng kolaboratibong pagsusulat at ang epekto nito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, napatunayan ng pag-aaral na ito na ang kolaboratibong pagsusulat ay hindi lamang instrumento ng akademikong tagumpay kundi isa ring makabuluhang mekanismo sa paghubog ng mga mag-aaral na may mataas na antas ng komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at kolektibong pananagutan. Ang mga resulta ay nagbibigay-diin na ang pagsasanay sa kolaboratibong pagsusulat ay dapat isabuhay bilang sentral na bahagi ng kurikulum, hindi lamang bilang estratehiyang pampagtuturo kundi bilang matibay na pundasyon sa paghubog ng

mga makabago, mapanuri, at malikhain na manunulat na handang makibahagi sa patuloy na pag-unlad ng lipunan at edukasyon sa ika-21 siglo.

MGA SANGGUNIAN

Al-Makhmari, H. (2024). The impact of collaborative writing on students' motivation and critical reading in Oman. Journal of Language Teaching and Learning, 12(1), 45–59.

Awedh, M., Mueen, A., Zafar, B., & Manzoor, U. (2015). Using Socrative and smartphones for the support of collaborative learning. International Journal on Integrating Technology in Education, 4(3), 17–24.

Azman, N., & Ayub, A. (2021). Enhancing writing fluency through collaborative writing among Malaysian students. Malaysian Journal of Learning and Instruction, 18(2), 88–104.

Barkley, E. F., Major, C. H., & Cross, K. P. (2014). Collaborative learning techniques: A handbook for college faculty (2nd ed.). Jossey-Bass.

Chen, W., & Yu, S. (2019). Collaborative writing in second language classrooms: Benefits and challenges. Language Teaching Research, 23(1), 1–20.

Dobao, A. F. (2015). Collaborative writing and peer reviewing: Promoting second language development through interaction. Language Teaching Research, 19(1), 33–52.

Flower, L., & Hayes, J. R. (2021). A cognitive process theory of writing. College Composition and Communication, 32(4), 365–387.

Garcia, M. R., & Mendoza, A. C. (2020). Ang epekto ng kolaboratibong pagsusulat sa akademikong kasanayan ng mga mag-aaral sa Senior High School. Filipino Educational Research Journal, 3(2), 102–120.

Graham, S., Harris, K. R., & Santangelo, T. (2016). Research-based writing practices and the Common Core: Meta-analysis and meta-synthesis. Elementary School Journal, 117(1), 1–27.

Graham, S., Liu, X., Bartlett, B., Ng, C., Harris, K., Aitken, A., & Talukdar, J. (2017). Effectiveness of peer review for improving student writing. Review of Educational Research, 87(1), 134–171.

Johnson, D. W., & Johnson, R. T. (2018). Cooperation and the use of technology. In R. E. Mayer & P. A. Alexander (Eds.), Handbook of research on learning and instruction (2nd ed., pp. 540–560). Routledge.

Kotb, M. A. (2021). The effectiveness of collaborative writing in improving EFL learners' writing skills in Egypt. Arab World English Journal, 12(3), 180–195.

Li, M., & Zhu, W. (2017). Exploring student perspectives on collaborative writing in EAP classes. Journal of Second Language Writing, 36, 1–13.

Li, Q., Tang, Y., & Zhang, L. (2023). Online collaborative writing and its impact on second language writing proficiency in China. Language Learning & Technology, 27(1), 72–91.

Liverano, J. F. (2024). Digital collaboration in writing: A scoping review on online platforms in academic writing during the pandemic. Philippine Journal of Educational Research, 12(1), 55–74.

Nguyen, M., & Phuong, T. (2021). Effectiveness of collaborative writing on paragraph development among Vietnamese EFL learners. VNU Journal of Foreign Studies, 37(1), 87–103.

Roxas, R. M. (2023). Mga hamon sa kolaboratibong pagsusulat ng mga mag-aaral sa panahon ng new normal. Journal of Filipino Education and Culture, 5(2), 112–130.

Santiago, M. B. (2018). Kooperatibong pagkatuto at ang pag-unlad ng kasanayan sa pagsusulat sa Filipino. Pambansang Journal ng Pananaliksik sa Wika, 9(1), 66–79.

Smith, J., Allen, M., & Garcia, R. (2019). Collaborative writing challenges in digital classrooms: A teacher's perspective. Journal of Educational Technology, 45(2), 77–91.

Storch, N. (2015). Collaborative writing in L2 classrooms: New insights from research. Language Teaching, 48(3), 289–318.

Trung, V. T. (2022). The influence of collaborative writing on grammatical accuracy: A sociocultural approach. Journal of Language and Education, 8(2), 45–57.

Wayei Juday, J., Mungai, E., & Wekesa, L. (2024). The role of collaborative writing in enhancing grammar and idea organization among Kenyan high school students. African Journal of Educational Studies, 15(1), 101–118.

Villanueva, J., & Mendoza, T. (2021). Factors affecting writing proficiency among senior high school students. Asian Journal of Educational Studies, 15(3), 110–125.

Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: The development of higher psychological processes. Harvard University Press.

Zha, S., Wu, Q., & Zhao, M. (2025). Parental involvement and young learners' collaborative writing performance in China. Journal of Early Childhood Education Research, 14(1), 34–51.